# GALING SA AKADEMIKONG PAGSULAT

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Maraming kasanayan sa larangan ng pagsulat ang mahalagang matutunan ng mga mag-aaral lalo na at habang tumataas ang kanilang baitang ay mas nagiging mas kumplikado ang mga gawaing ibinibigay sa kanila. Patunay na rito ang mga asignatura tulad ng Pananaliksik na hindi birong gawain lalo na at mabusisi ito. Sa ilan pang mga panahon, isa ang akademikong pagsulat sa magiging pinakamahalagang kasanayan ng bawat indibidwal (Elcomblus, 2020) lalo na kung sila ay magtatrabaho sa larangang kinakailangan ang mga papeles at iba pa. Ito ang dahilan kung bakit mas maiging pagyamanin ang ganitong kakayahan dahil na rin sa mga kahalagahan nito sa isang mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip. Maaaring palaguin ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa tulong ng akademikong pagsulat. Sa paraan kasi na ito, nagiging mapanuri ang mga mag-aaral sa pagtataya ng iba't ibang datos at pangangalap ng mga impormasyong makatotohanan (Sanaysay Editorial Team, 2023). Halimbawa na lamang ay ang pananaliksik kung saan ay hinihikayat ang mga estudyante na palawakin ang limitadong kaalaman tungkol sa isang partikular na paksa. Dito ay hinihikayat din silang gumawa ng mga desisyon habang binibigyang-pansin ang katuturan at kahihinatnan nito. Nagkakaroon din ang mga kabataan ng sapat na boses upang bumuo ng argumento at makisali sa mga malalimang talakayan.

Komunikasyon ng Ideya. Malinaw na naipapahayag ng mga kabataang Pilipino ang kanilang mga ideya sa tulong ng akademikong pagsulat. Sinasanay sa uri ng pagsulat na ito ang pagkakaroon ng kakayahang iorganisa ang mga impormasyon at gawing

malinaw ang mga mensaheng nais ipahayag sa sulatin (Gerra, 2019). Isa rin ito sa maituturing na bentahe ng mga mag-aaral kung sila ay papasok sa kolehiyo sapagkat malaking bahagi ng pagpili ay ang pag-alam sa kanilang mga naisin sa buhay at ito ay sinusulat sa pormang pang-akademiko. Malaki ang tsansa na mas mapili ang mag-aaral na malakas ang pundasyon ng akademikong pagsulat sa mga prestihiyosong unibersidad.

Pagbuo ng Maayos na Presentasyon. Bukod sa mga nabanggit na importansya ng akademikong pagsulat, isa rin sa hindi matatawarang ambag nito sa mga mag-aaral ay ang pagkatutong gumawa ng mga masining, organisado, at maayos na presentasyon. Ang pag-uulat ay isang bahagi ng interaktibong talakayan sa eskwelahan at malaking bagay na alam ng isang mag-aaral kung paanong gagawing maganda ang kanyang pagtatanghal. Kung siya ay mayroon nang kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng akademikong sulatin, madali na lamang para sa kanya ito. Alam na niya kasi ang mga balangkas ng presentasyon habang isinasaisip ang mga katangian tulad ng madali itong maunawaan ng mga mambabasa o manonood.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kabuuan, ang akademikong pagsulat ay hindi lamang isang kakayahan; ito ay isang mahalagang kasangkapan sa pag-unlad ng bawat indibidwal at ng lipunan. Ito ay nagbibigay daan sa masusing pagsusuri, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at masiglang pakikisangkot sa mga usapin at isyu. Ang mga taong bihasa sa akademikong pagsulat ay may kakayahang magbigay saysay sa kanilang mga ideya, makibahagi sa masusing talakayan, at maging instrumento ng pagbabago sa pamamagitan ng kanilang mga isinulat. Sa ganitong paraan, ang akademikong pagsulat ay nagiging pundasyon ng masusing edukasyon at pag-unlad ng lipunan.

*References:*

Elcomblus (2020). Ang Kabulugan, Katangian, at Layunin ng Akademikong Pagsulat. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.elcomblus.com/ang-kahulugan-katangian-at-layunin-ng-akademikong-pagsulat/

Sanaysay Editorial Team (2023). Ano ang Akademikong Pagsulat? o Akademikong Sulatin (Halimbawa). Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.sanaysay.ph/akademikong-pagsulat/

Gerra, N. (2019). Kahalagahan ng Akademikong Pagsulat. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://prezi.com/p/e-mxtpiydvaw/kahalagahan-ng-akademikong-pagsulat/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan